
1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagiging Matapat sa Pamilya at sa Kapuwa sa Lahat ng Pagkakataon



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_EsP 1_ Modyul 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagiging Matapat sa Pamilya at sa Kapwa sa Lahat ng Pagkakataon**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | HAZEL CAYABA-VILORIA |
| **Editor:** | MARITES P. TALOSIG |
| **Tagasuri:** | EVA O. DELA CRUZ |
| **Tagaguhit:** | GEMMA DUMALAG at ROLDAN R. RIVERO |
| **Tagalapat:** | JAY-AR A. ULEP, OSWALDO A. VALIENTE, ROLDAN R. RIVERO |
| **Tagapamahala:** | BENJAMIN D. PARAGAS, PhD, CESO IV<br>JESSIE L. AMIN, EdD., CESO V<br>OCTAVIO V. CABASAG, PhD<br>RIZALINO G. CARONAN<br>RICHARD O. PONHAGBAN<br>ROMEL B. COSTALES<br>SAMUEL P. LAZAM, PhD<br>EMELYN L. TALAUE<br>EVA O. DELA CRUZ |

**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur,
Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagiging Matapat sa Pamilya at sa Kapuwa sa Lahat ng Pagkakataon

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay nilikha at sinulat para sa mga mag-aaral upang mas matutuhan nila ang mga leksyon sa Edukasyon sa Pagpapakatao. Inaasahan na sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay:
Nakapagsasabi ng totoo sa magulang/nakatatanda at iba pang kasapi ng mag- anak sa lahat ng pagkakataon upang maging maayos ang samahan:

- kung saan papunta/ nanggaling
- kung kumuha ng hindi kaniya
- mga pangyayari sa paaralan na nagbunga ng hindi pagkakaintindihan
- kung gumamit ng *computer* sa paglalaro imbis na sa pag-aaral

**EsP1P-II-i-5**

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin.

Aralin 1- Pagkamatapat sa Pamilya/Nakatatanda sa lahat ng Oras

Aralin 2-Matapat ako sa Kapuwa ko

## *Subukin*

Iguhit ang  kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagiging matapat at  kung hindi. Gawin ito sa inyong kwaderno.

1. Hiniram mo ang lapis ng iyong kaklase at pagkatapos mong gamitin ay ibinalik mo rin ito.

2. Parati kang kumukuha ng pera sa bulsa ng iyong nanay nang hindi nagpapaalam.

3. Nagpaalam ka sa mga magulang mo upang sumama sa mga kaklase sa paggawa ng proyekto ngunit ikaw ay nagtungo sa **computer shop** para maglaro lamang.

| Aralin 1 | Pagkamatapat sa Pamilya/Nakatatanda sa Lahat ng Oras |
|---|---|



Ang pagiging matapat sa magulang/ nakatatanda ay isang kanais-nais na pag-uugali na dapat taglayin ng isang bata. Kinagigiliwan ng magulang/ nakatatanda ang batang matapat sa lahat ng pagkakataon.

## Balikan

Bilugan ang larawang nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda at sa kapuwa.









## *Tuklasin*

Panuto: Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong.

Ang Batang si Sheki

Si Sheki ay parating nagpapaalam sa kaniyang mga magulang saan man siya magpunta. Kaya mahal na mahal siya ng kaniyang mga magulang, dahil siya ay matapat. Minsan, niyaya siya ng kaniyang kaklase na pumunta sa parke pagkatapos ng klase. Hindi agad sumama si Sheki dahil hindi siya nakapagpaalam sa kaniyang mga magulang. Umuwi muna ito at nagpaalam sa mga magulang.

1. Anong uri ng bata si Sheki?
2. Sumama ba siya agad sa kaniyang kaklase nang niyaya siyang magpunta sa parke? Bakit?

## *Suriin*

Ang pagsasabi ng tapat ay nararapat gawin ng isang batang katulad mo. Kung ikaw ay matapat sa iyong magulang/nakatatanda ay kalulugdan ka ng mga ito. Isa sa mga katangian na dapat taglayin ng isang bata ang pagiging matapat sa lahat ng pagkakataon. Marami kang kaibigan at maraming tao ang nagmamahal sa iyo kung ikaw ay matapat, at higit sa lahat kinalulugdan ng Diyos ang batang matapat.

## *Pagyamanin*

Basahin ang pangungusap sa ibaba. Lagyan ng tsek (√) ang bilang ng pangungusap na nagpapakita ng pagiging matapat. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

____ 1. Nais ni Jed na magpunta sa bahay ng kaniyang kaklase upang gawin ang kanilang proyekto sa Araling Panlipunan. Nagpaalam siya sa kanyang mga magulang at ipinaliwanag kung bakit siya pupunta sa bahay ng kaniyang kaklase.

____ 2. Si Dino ay umaalis na hindi nagpapaalam sa kaniyang mga magulang upang manood ng **basketball** sa parke.

____ 3. Inimbitahan ni Mika si Nina na dumalo sa kaniyang kaarawan. Ipinagpaalam niya si Nina sa mga magulang nito.

____ 4. Gustong magpunta ni Alfred sa ilog. Nagpaalam siya sa kaniyang Nanay subalit hindi ito pumayag. Hindi na nagpumilit si Alfred, bagkus ay gumawa na lamang siya ng kaniyang takdang-aralin.

____ 5. Kahit kasalukuyan ang paglilinis sa bahay, umaalis si Ben para makipaglaro sa mga kaibigan na hindi nagpapaalam.

## *Isaisip*

Punan ng wastong mga salita ang nasa ibaba upang makabuo ng talata.

Ako ay nangangako na magiging tapat sa aking mga magulang sa ______________________________

______________________________________________

______________________________________________

Sa aking mga kapatid

______________________________________________

______________________________________________

## *Isagawa*

Oras na ng uwian. Isinama ka ng iyong ate sa bahay ng kaniyang kaklase dahil gusto niyang makita ang bagong manika nito. Sinabi ng iyong ate na huwag mong sasabihin sa Nanay mo kung saan kayo talaga nanggaling.

Dapat bang sundin mo ang sinabi sa iyo ng iyong ate? Bakit? Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

## *Tayahin*

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang titik ng wastong sagot sa sagutang papel.

1. Ang pagsasabi ng totoo ay tanda ng pagiging?
   a. magalang
   b. matapat
   c. malinis
   d. matipid

2. Si Jane ay nagpapaalam sa kaniyang mga magulang tuwing siya ay aalis ng bahay. Siya ay ________?
   a. maingay
   b. magalang
   c. matapat
   d. pasaway

# *Karagdagang Gawain*

Iguhit mo sa iyong kuwaderno kung paano mo maipapakita ang pagiging matapat sa lahat ng oras sa iyong magulang/nakatatanda o iba pang kasapi ng inyong mag-anak.

| Aralin 2 | Matapat ako sa Kapuwa ko |
|---|---|



Ang pagiging matapat sa kapwa ay dapat isaalang-alang upang lumaki kang kanais-nais sa mata ng Diyos at kapuwa tao.

## *Balikan*

Punan ng wastong salita ang guhit sa ibaba upang mabuo ang pangungusap.

Kapag ako ay may gustong puntahan ako ay ___________ sa aking mga magulang.

## *Tuklasin*

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

**Si Jared ang Batang Matapat**

Araw ng Martes, maagang pumasok sa paaralan si Jared. Sa kaniyang paglalakad ay nakapulot siya ng isang pitaka sa may damuhan malapit sa kanilang silid aralan. Agad niya itong binuksan at tiningnan kung may pangalan ang may ari nito. Kaagad dinala ni Jared ang pitaka sa opisina ng Punong-guro upang doon na lang kunin ng may ari ang pitaka na naglalaman ng 100.00 piso.

1. Sino ang batang nakapulot ng pitaka sa paaralan?
2. Ano ang napulot ni Jared sa damuhan sa paaralan ?

## *Suriin*


Ang pagsasauli ng bagay na hindi sa iyo ay isang wastong gawain ng isang batang katulad mo. Kaya naman ang mga batang katulad niyo ay masasabing matapat kung ang mga bagay na hindi sa iyo ay isinasauli sa tototong may-ari. Nararapat din na magsabi ng totoo kung gagamit ng **computer** upang hindi mapagalitan ng guro at ng magulang.

## *Pagyamanin*

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga ito ang nagpapakita ng pagiging matapat. Lagyan ito ng tsek (/) ang puting kahon kung ito ay nagpapakita ng pagiging matapat.







## *Isaisip*

Bilang isang bata, ano ang dapat mong gawin kung gusto mong hiramin ang gamit ng iyong kaklase?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

## *Isagawa*

Oras ng **recess**, niyaya ka ng iyong kaklase na maglaro ng computer sa isang computer shop malapit sa inyong paaralan. Hindi ka nakatanggi dahil matalik mo siyang kaibigan. Hindi niyo namalayan ang oras at kayo ay **late** nang nakabalik sa inyong paaralan.

Sa iyong palagay, ang pagsasabi ba ng katotohanan sa iyong guro kung saan kayo nagpunta ng iyong kaklase ay tama? Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwaderno.

## *Tayahin*

Basahin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay wasto. MALI kung ito ay hindi wasto.


________ 1. Si Jose ay palaging naglalaro ng **Mobile Legends** gamit ang **cellphone** ng kaniyang nanay.

________ 2. Ibinabalik kaagad ni Kat ang hiniram niyang lapis sa kaklase pagkatapos itong gamitin.

________ 3. Nangungupit ng pera si Lance sa kanilang tindahan para may ipanlaro siya sa computer shop.

________ 4. Ibinabalik ni Linda sa kaniyang ina ang sobrang baon pagkagaling niya sa paaralan.

________ 5. Dinala ni Cindy at Timmy sa opisina ng punong-guro ang napulot nilang bag sa daan.



## *Karagdagang Gawain*

Ano ang dapat mong gawin upang maipakita ang pagiging matapat sa nakasulat na sitwasyon sa ibaba?

Habang ikaw ay naglalakad patungo sa bahay ng iyong lola ay may napulot kang perang nagkakahalaga ng ₱500.00

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

# Aralin 1



## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. 
2. 
3. 

**Pagyamanin**

1. √
2.
3. √
4. √
5.

**Tayahin**

1. B
2. C

# Aralin 2

## Susi sa Pagwawasto

| Pagyamanin | Tayahin |
|---|---|
| 1. | 1. Mali |
| 2. √ | 2. Tama |
| 3. | 3. Mali |
| | 4. Tama |
| | 5. Tama |

## *Sanggunian*

ESP Most Essential Learning Competencies (MELCS) for Grade 1

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph